INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# ODA PARA KAY FILI

**ni: QUIM B. MIOLATA**

Sa 'yong kaisipa'y unang namutawi,
hibla ng salitang kaloob ng langit,
bawat himaymay, masusing hinabi
upang kasarinla'y lubusang masapit;
sa bawat habol ng salita't sinulid
ay hinahabi mo kultura at pag-ibig;
bawat hibla at pantig ng kasaysayan,
senyal ng katapanga't kabayanihan.

Nang iyong inikot habihan ng wika,
sumibol ang ningas na naglalagablab
sa bawat salansan ng hibla't salita
ang diwa ng bayan ay nagliliwanag;
sa mga sinulid ng wika'y umaalab,
adhika ng bansa'y hinubog mo'ng ganap;
bawat hinabing baybayi't pangungusap
sa mata ng mundo tayo'y kumikislap.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

Bawat salita mo'ng hibla ng pag-asa

ay pamanang-lahi nitong aking oda,

habang binibigkas, puso'y sumisigla,

nagliyab ang diwa ng ating kultura;

sa apoy ng buhay, ikaw'y dinalisay,

sa anumang unos ay nagtatagumpay;

sa punyal na dila ng 'sang manlulupig,

letra mo'y naging oyayi ng pag-ibig.

Kaya ikaw'y marapat ilahad, itanghal

itanyag ka, Fili, wika naming mahal!

sa bawat himaymay ng 'yong mga titik

ipagbubunyi ka sa harap ng langit;

isang bagay lamang itong tinitiyak,

himig ng letra mo'y aawiting tapat,

sa mga taludtod ko ikaw'y mananahan,

mabubuhay ka, Fili, nang walang hanggan.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************